

# 1

“Five seconds left! Ipinasa ang bola kay Mojica, pumwesto sa tres, itinira at...” Huminto ang mundo naming lahat na nasa gym, hindi inaalís ang tingin sa bolang nasa ere. “Pasok!”

Pinuno ng sigawan ang buong lugar. “Yes! Nanalo tayo! Woohoo!”

Hindi ko din napigilan ang mapasigaw at mapatalon sa saya. Nanalo kami! Nanalo ang school namin!

“Congratulations, *Near West University*! See you sa championship game ng interschool basketball competition!” dinig kong anunsyo ng master of ceremony.

Lumapit sa bench ang mga players namin at nakisabay sa celebration ng buong university.

Ngiting-ngiti si Matthew nang salubungin ako ng isang mahigpit na yakap.

Niyakap ko rin siya. “Congratulations, Mojica! Ang galing n’yo!”

“Salamat, Cindy. Siyempre dahil ’yun sa suporta n’yo,” aniya. Kumalas siya sa yakap at bumungad sa akin ang nakakasilaw niyang ngiti.

“Sus. Magaling ka lang talaga,” ngisi ko.

Inakbayan niya ako at hinalikan ang gilid ng aking ulo. “Bolera talaga ’tong girlfriend ko!” tawa niya.

“And our *Most Valuable Player* for this season... Mr. Matthew Mojica!” anunsyo ng emcee. Karaniwan nang nagbibigay ng ganoong parangal ang school para sa mga players nito na nagpakita ng galing para sa buong taon.

Narinig ko ang hiyawan at palakpakan ng mga estudyante nang marinig iyon.

“Go, Sexy Love! Ang galing mo talaga!”

“Go, Matthew-Macho!” Dinig ko ang tili ng mga babae malapit sa amin.

Nakangiting nilingon ko ang katabi ko. “Wow, Matt! Congratulations! P’unta na d’un!” sabi ko saka siya marahang itinulak patungo sa court.

Nginitian niya ako. Nagulat ako nang hinawakan niya ang kamay ko saka ako hinila.

“Matt! Nakakahiya, ano ka ba!” giit ko habang tinatanggal ang pagkakahawak niya sa kamay ko.

“Talaga? Ikinakahiya mo ako?” Ngumisi siya at mas lalong pinisil ang aking kamay.

Hindi na ako pumalag at nagpatianod na lamang sa

panghihigit niya.

Nasilaw ako sa sunud-sunod na flash mula sa mga camera. Hindi ko mapigilan ang mapakunot-noo. Hindi ko na aasahan na maganda ang kuha ko sa mga litrato.

Nakatungo ako nang makarating kami sa gitna; nahihiya dahil pakiramdam ko ay nakatingin sa akin ang karamihan ng mga tao roon.

“Congratulations, Mr. Mojica!” bati ng presidente ng aming unibersidad sa aking kasama. Kinamayan siya nito saka isinabit sa kanya ang medalya ng parangal.

“Salamat po, Ma’am,” ngiti naman ni Matthew saka tumungo nang kaunti para maisabit sa kanya ang medal.

Nilingon niya ako, hawak pa rin ang kamay ko. Nginitian ko lang siya.

“Speech! Speech! Speech!” kanyaw ng mga team mates niya.

Natawa si Matt habang nailing-iling. Iniabot sa kanya ng emcee ang isang microphone.

“Seryoso kayo?” tanong niya at nagtawanan naman ang kanyang mga kaibigan. “O sige, at nang matapos na.”

Hindi ko alam kung ano ba dapat ang gawin ko. Hawak niya pa rin ang kamay ko pero feeling ko, mukha akong tuod na

nakangiti sa harapan nilang lahat. Damn it, it was so awkward!

“Ehem! Una sa lahat, syempre salamat kay God sa lahat ng ito! Pangalawa, sa lahat ng schoolmates ko na hindi nagsawa sa pagsuporta! Whoo! Ang astig n’yo, guys! The best kayo!”

“Anything for you, baby!” tili ng mga babae sa gilid saka naghagikhan.

Nginitian sila ni Matt kaya lalo lang silang nagkaloko.

“Siyempre sa napakalupit naming coach na hindi kami sinukuan! Salamat po!” Humarap siya sa tinukoy at tumungo bilang paggalang. Nginitian siya nito saka sumaludo.

“Sa mga team mates kong naggugwapuhan, salamat sa tiwala na makaka-shoot ako. Ang gagwapo n’yo talaga, libre n’yo ako mamaya, mga unggoy!” Sabay-sabay na nagtawanan ang mga tao.

Nang humupa na ang tawanan ay nilingon niya ako nang may ngiti sa labi. “At siyempre, alam n’yo naman na there’s a woman behind every man’s success, di ba? Ladies and gentlemen, here’s my inspiration.” Nilingon niya ang mga grupo ng babae na walang tigil sa pagtili. “Girls, meet my girlfriend... Cindy Ramirez.”

Naramdaman ko ang mabilis na pag-iinit ng aking mga pisngi kasabay ng napakalakas na tilian ng mga babae at kanyaw ng mga tropa niya.

Nakangiting tinanggal ni Matthew ang suot niyang medalya saka isinuot sa akin. “You deserve this,” ngisi niya.

“Matt, you don’t need to do this,” reklamo ko habang nakatingin sa kanya.

“Hindi nga kailangan, pero gusto ko...” giit niya.

Agad niyang ibinalot ang kaliwang braso sa aking mga balikat. “Gustung-gusto kita, Cindy,” bulong niya sa aking tainga na nagpanginig sa buo kong sistema.

Hindi ko alam kung matutuwa ba ako sa narinig ko.

Gusto niya lang ako. Tama, gusto lang. That’s all. No more, no less.

Hindi niya ako mamahalin kagaya ng pagmamahal niya sa babaeng dumating sa buhay niya bago ako.

Nagsimula nang mag-pose ang mga players at mga estudyante para sa group picture. Hilaw na ngiti naman ang ipinakita ko sa mga tao. Hindi ako makangiti nang totoo.

Gusto ko kasing magreklamo. Gusto kong sumbatan si Matt. Bakit ganoon? Bakit hanggang doon lang? Pero ganoon naman yata talaga. Mahal ko siya kaya tatanggapin ko kung ano lang ang kaya niyang ibigay sa akin. Kahit ano lang...

Pipiliin kong manahimik na lang at maghintay na baka sakali isang araw, sasabihin ni Matt na mahal niya na rin ako.

*Drag Pusher - Celina Martin*

---

Sa gitna ng daan-daang mga taong naroon, nahagip ng mga mata ko ang isang babaeng seryosong nakatingin sa direksyon namin. Napakunot ang noo ko.

It was her. The girl he was crazy about.

Nang makita niyang nakatingin ako sa kanya ay ngumiti siya. Kitang-kita ko ang pait sa ngiting iyon. Hindi ako sigurado pero nakita kong may tumulong luha mula sa mga mata niya bago siya tumalikod at tuluyang lumabas sa gym.

Mahal niya pa si Matt. At kahit hindi sinasabi sa akin ni Matt, alam kong mahal niya pa rin ang babaeng iyon. Parehas pa nilang mahal ang isa't isa.

At ako? Ako ang dakilang epal sa istorya nila. Ako ang dahilan kung bakit hindi na sila pwedeng magkabalikan pa.

Magiging masaya nga ba ako?

Damn! Hindi ko alam! Naguguluhan ako.

Natigil ako sa pag-iisip nang tapikin ni Matt ang balikat ko. "Hey, are you okay?"

Napapitlag ako saka ko siya nilingon. "Ha? Uh, okay lang ako..." Pilit ko siyang nginitian.

"Babalik lang ako sa bench, ayusin ko lang 'yung gamit ko," paalam ko sa kanya. Dire-diretso akong umalis at hindi na hinintay pa ang sagot niya.

Iniwan ko siya roon sa mga taong gustong magpakuha ng litrato kasama siya.

Nang makarating ako sa bench ay agad kong tinanggal ang medalyang isinuot sa akin ni Matt. Sininop ko ang mga gamit ko kasama ang banner, tubig at towel ni Matt. Inilagay ko iyon sa bag na dala ko, kasama ng medalya.

Nilingon ko ang taong humaplos sa kaliwang braso ko. “Cindy, may problema ka...” ani Matt.

Nagtama ang mga tingin namin ngunit agad din akong umiwas. Ibinalik ko ang atensyon sa mga inaayos kong gamit. “Wala, Matt. Okay nga lang ako.”

Hindi siya nakuntento sa sagot ko. Iniharap niya ako sa kanya saka hinawakan ang magkabila kong braso. “Cindy, ano’ng problema? Sabihin mo sa ’kin.” Pilit niyang hinuli ang paningin ko. “Nalulungkot ako kapag may problema ka. I want to know what’s bothering you, baka may magagawa ako.”

“Matt, napagod lang ako. Gusto ko nang umuwi.” Matamlay ko siyang nginitian saka muli siyang tinalikuran. Kinuha ko ang bag ko at muli siyang hinarap.

“May victory party pa kayo, di ba? Enjoy,” sabi ko saka siya hinalikan sa pisngi at akmang aalis na.

Hinablot niya ang bag na dala ko saka ako seryosong tiningnan. “Tingin mo, hahayaan kitang umuwi mag-isa?” tanong

niya saka nailing na kinuha ang kanyang back pack. “Halika, ihahatid na kita.”

Pinigilan ko siya. “Matt naman...”

“Tara na, Cindy.” May awtoridad sa boses niya. Seryoso niya akong hinila palabas.

Nahirapan kaming makalabas ng gym dahil sa dami ng tao. Nakipaggitgitan kami para lang makalabas sa dagat ng mga taong naroon. Madami akong nadinig na tumatawag sa apelyido ni Matt, para magpa-picture pero hindi niya na pinansin. Dire-diretso lang ang lakad niya habang hawak ang pupulsohan ko.

Walang imik kaming nagtungo sa parking lot kung saan nakaparada ang kanyang sasakyan. Pinagbuksan niya ako ng pintuan pagkatapos ay umikot at lumulan din.

“Matt, kaya ko namang umuwi mag-isa, eh. Dapat sumama ka na lang sa victory party n’yo,” sabi ko.

Ini-start niya ang engine. “Cindy, I know my priorities,” seryoso niyang pahayag habang direktso ang tingin sa daan.

“Okay...” sagot ko. “Sumunod ka na lang sa bar pagkahatid mo sa ’kin.”

“Oo, sige.”

Ilang minuto kaming binalot ng katahimikan. Hindi ko kayang tumagal, kaya binasag ko din iyon agad. Ayaw kong



magtago sa kanya.

“Matt, sorry,” panimula ko. “Sorry kung di ko sinasabi ’yung problema. I just thought hindi na ’yun mahalaga, kasi wala naman talagang kwenta ’yun.”

“Sa ’yo, walang kwenta. Paano kung sa ’kin mayroon?”

Mabilis na kumalabog ang dibdib ko.

Iyon ang ikinakatakot ko. Paano nga ba? Paano kung mahalaga pa rin sa kanya na malaman niyang nandoon ang ex niya para panoorin at suportahan siya?

Ano nga ba ang mangyayari kung malaman ni Matt na mahal pa rin siya nito? Magkakabalikan kaya sila? Paano ako?

Hindi ko alam... Natatakot ako.

Pero hindi ko naman ito matatakas habang buhay. Kailangan ko itong harapin.

“Nakita ko si Chelsea kanina...” sabi ko saka ko kinagat ang aking labi.

Nagtiim-bagang si Matt. Nakita ko ang paghigpit ng hawak niya sa manibela. “Tss... Wala ngang kwenta,” malamig niyang sabi.

“Umiiyak siya habang nakatingin sa ’yo. Matt, hindi ko alam kung ano ba’ng dapat kong gawin.”

“Wala kang ibang dapat gawin, just stay in love with me.”  
Nilingon niya ako. “That’s all.”

He’s so confident. It was unfair.

Tiningnan ko ang mga kamay kong nakapahinga sa aking hita saka malungkot na ngumiti.

Nang makarating kami sa tapat ng bahay ni Tita na kasalukuyan kong tinutuluyan ay nagpaalam na ako sa kanya.  
“Bye, Matt. Ingat,” ngiti ko.

“Okay. Take a rest, you look so tired and please...” Mahigpit niyang hinawakan ang aking kamay. “Stop thinking about Chelsea, hindi ka kasali sa gulo namin noon. That’s her choice so you don’t have to feel guilty, alright?” Hinaplos niya ang kaliwa kong pisngi.

Tumango ako saka ngumiti.

“Sige na, pumasok ka na. I’ll text you when I get there.”

Sumang-ayon ako saka bumaba sa kanyang sasakyan.

Nang makaalis si Matt ay pumasok na ako sa bahay.

Naramdaman ko ang paninigas ng katawan ko nang makita ang isang lalaking abala sa pagbabasa.

Mabilis ang tibok ng puso ko at agad na nagwala ang mga paru-paro sa loob ng aking tiyan. I felt that very familiar feeling for this very familiar man.

“Gabriel?” di-makapaniwalang tanong ko.

Dahan-dahan siyang tumunghay at agad na nagtama ang mga tingin namin. He smiled—no, scratch that. He *smirked*.

Mabilis na nagtayuan ang mga balahibo ko.

I couldn’t believe it. He had changed. A lot. From a good boy to—I believe—a very bad boy.

Dammit! What is he doing here, in the first place?!